# Abiso ng mga Kasanayan sa Pagkapribado

Inilalarawan ng abisong ito kung paanong ang impormasyon tungkol sa iyo ay maaaring gamitin at isiwalat at paano ka makakaakses sa impormasyong ito. Mangyaring repasuhin ito nang mabuti.

## Impormasyon sa Opisyal ng Pagkapribado


214-456-4444
1935 Medical District Dr.
Dallas, Texas 75235
privacy@childrens.com


## Ang Iyong mga Karapatan: Kapag pinag-uusapan ang impormasyon ng iyong kalusugan, may mga tiyak na karapatan ka.

**Kunin ang kopyang elektroniko o papel ng iyong medikal na tala.**

- Maaari mong hilingin na tingnan o kumuha ng kopyang elektroniko o papel ng iyong medikal na tala at ibang impormasyon sa kalusugan na mayroon kami tungkol sa iyo. Tanungin kami kung paano gawin ito.
- Bibigyan ka namin ng isang kopya o isang buod ng impormasyon sa kasulugan mo, karaniwang sa loob ng 15 araw ng kahilingan mo. Maaari kaming sumingil ng makatuwirang bayarin na nakabase sa gastos.

**Hilingan kami na iwasto ang iyong medikal na tala.**

- Maaari mong hilingan kami na iwato ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo na sa palagay mo ay mali o hindi kumpleto. Tanungin kami kung paano gawin ito.
- Maaaring sabihin naming “hindi” sa iyong kahilingan, ngunit sasabihin namin sa iyo kung bakit nang nakasulat sa loob ng 60 na araw.

**Humiling ng mga kumpidensiyal na komunikasyon.**

- Maaari mong hilingin na kontakin ka namin sa isang espesipikong paraan (halimbawa, telepono sa bahay o opisina) o padalhan ka ng koreo sa ibang tirahan.
- Sasabihin naming “oo” sa lahat ng mga makatuwirang kahilingan.

**Hilingan kami na limitahan kung ano ang gagamitin o ibabahagi namin.**

- Maaari mong hilingan kami na huwag gamitin o ibahagi ang tiyak na impormasyon sa kalusugan para sa gamutan, kabayaran, o aming mga operasyon. Hindi kami kinakailangang sumang-ayon sa iyong kahilingan, at maaari naming sabihing “hindi” kung maaapektuhan nito ang iyong pangangalaga.
- Kung babayaran mo ang isang serbisyo o bagay sa pangangalagang pangkalusugan na mula sa bulsa nang buo, maaari mong hilingan kami na huwag ibahagi ang impormasyong iyan para sa layunin ng kabayaran o ng aming mga operasyon sa insurer ng iyong kalusugan. Sasabihin naming “oo” malibang hinihilingan kami ng isang batas na ibahagi ang impormasyong iyan.

**Kunin ang isang listahan ng mga taong ibinahagi namin ang impormasyon.**

- Maaari mong hilingin ang isang listahan (pagtutuos) ng mga oras na ibinahagi namin ang impormasyon ng iyong kalusugan sa loob ng anim na taon bago ang petsa kung kailan ka humiling, kanino namin ibinahagi at bakit.
- Isasama namin ang lahat ng mga pagsisiwalat maliban ang mga may kinalaman sa gamutan, kabayaran at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan at tiyak na ibang pagsisiwalat (tulad ng anuman sa hiniling mo sa aming gawin). Ibibigay namin ang isang pagtutuos bawat taon na libre ngunit maniningil kami ng makatuwirang bayarin na nakabase sa gastos kung humiling ka ng isa pa sa loob ng 12 na buwan.

**Kunin ang isang kopya ng abiso ng pagkapribado na ito.**

- Maaari kang humiling ng kopya sa papel ng abisong ito sa anumang oras, kahit na sumang-ayon ka na tumanggap ng abiso nang elektroniko. Bibigyan ka namin ng kopya sa papel kaagad.

**Pumili ng isang tao na kikilos para sa iyo.**

- Kung binigyan mo ang isang tao ng medikal na kapangyarihan ng abogado o kung may isang tao na tumatayong legal na tagapagbantay mo, ang taong iyan ay maaaring mag-ehersisyo ng iyong mga karapatan at mamili tungkol sa impormasyon ng iyong kalusugan.
- Sisiguruhin namin na ang taong iyan ay may awtoridad na ito at maaaring kumilos para sa iyo bago kami gumawa ng anumang aksiyon.

## Ang Iyong mga Kagustuhan: Para sa tiyak na impormasyon sa kalusugan, maaari mong sabihin sa amin ang iyong mga kagustuhan sa kung ano ang ibinabahagi namin.

**Sa mga kasong ito, kapwa may karapatan at kagustuhan kang sabihin sa amin na:**

- Ibahagi ang impormasyon sa iyong pamilya, malalapit na kaibigan o ibang taong sangkot sa iyong pangangalaga.
- Ibahagi ang impormasyon sa isang situwasyon ng pagtulong sa gitna ng kalamidad.
- Isama ang iyong impormasyon sa isang direktoryo ng ospital.

Kung hindi mo kayang sabihin sa amin ang iyong kagustuhan, halimbawa kung ikaw ay walang malay, tutuloy kami at ibabahagi namin ang iyong impormasyon kung naniniwala kami na ito ang pinakamabuti sa iyo. Maaari rin naming ibahagi ang iyong impormasyon kapag kinakailangan upang mapababa ang isang seryoso at napipintong banta sa kalusugan o kaligtasan.

**Sa mga kasong ito hindi namin kailanman ibabahagi ang iyong impormasyon malibang bigyan mo kami ng nakasulat na pahintulot**

- Mga layunin ng marketing.
- Pagbenta sa iyong impormasyon.
- Karamihan sa pagbabahagi ng mga tala sa sikoterapiya.

Kung hindi mo kayang sabihin sa amin ang iyong kagustuhan, halimbawa kung ikaw ay walang malay, tutuloy kami at ibabahagi namin ang iyong impormasyon kung naniniwala kami na ito ang pinakamabuti sa iyo. Maaari rin naming ibahagi ang iyong impormasyon kapag kinakailangan upang mapababa ang isang seryoso at napipintong banta sa kalusugan o kaligtasan.

**Sa kaso ng paglikom ng pondo:**

- Maaari naming kontakin ka para sa mga pagsisikap na lumikom ng pondo, ngunit maaari mong sabihan kami na huwag kang kontaking muli.

## Ang Aming mga Paggamit at Pagsisiwalat: Karaniwan naming ginagamit at ibinabahagi ang impormasyon ng iyong kalusugan sa mga sumusunod na paraan.

**Gamutin ka:**

- Maaari naming gamitin ang impormasyon sa iyong kalusugan at ibahagi ito sa ibang mga propesyonal na ginagamot ka.

**Halimbawa: Isang doktor na ginagamot ka para isang pinsala ay nagtatanong sa isa pang doktor tungkol sa iyong pangkalahatang kondisyon sa kalusugan.**

**Patakbuhin ang aming organisasyon:**

- Maaari naming gamitin at ibahagi ang impormasyon sa iyong kalusugan upang patakbuhin ang aming palakad, pagbutihin ang iyong pangangalaga at kontakin ka kapag kinakailangan.
  **Halimbawa: Ginagamit namin ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo upang pangasiwaan ang iyong paggamot at mga serbisyo.**

**Maningil para sa iyong mga serbisyo:**

- Maaari naming gamitin at ibahagi ang impormasyon sa iyong kalusugan upang maningil at kumuha ng kabayaran mula sa mga plan na pangkalusugan o ibang mga entidad.
  **Halimbawa: Ibinibigay namin ang impormasyon tungkol sa iyo sa iyong plano ng insurance sa kalusugan upang sa gayon mabayaran nito ang mga serbisyo mo**

**Tumulong sa mga usapin ng pampublikong kalusugan at kaligtasan:**

- Maaari naming ibahagi ang impormasyon sa iyong kalusugan tungkol sa iyo para sa mga tiyak na situwasyon tulad ng:
  - Pag-iwas sa sakit.
  - Pagtulong sa mga pagbawi sa produkto.
  - Pag-ulat sa mga masasamang epekto ng mga gamot.
  - Pag-ulat sa pinaghihinalaang pag-abuso, pagpapabaya o karahasan sa bahay.
  - Pag-iwas o pagbawas sa seryosong banta sa kalusugan o kaligtasan ng sinuman.

**Bisitahin ang site ng Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyo sa Tao ng U.S. para sa higit na impormasyon.**

**Patakbuhin ang aming organisasyon:**

- Maaari naming gamitin at ibahagi ang impormasyon sa iyong kalusugan upang patakbuhin ang aming palakad, pagbutihin ang iyong pangangalaga at kontakin ka kapag kinakailangan.

**Manaliksik**:

- Maaari naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon para sa pananaliksik sa kalusugan.

**Sumunod sa batas:**

- Ibabahagi namin ang impormasyon tungkol sa iyo kung kinakailangan ito ng mga batas ng estado o pederal, kasama ang Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyo sa Tao kung gusto nitong makita na sumusunod kami sa batas pederal sa pagkapribado.

**Tumugon sa mga kahilingan ng donasyon sa bahagi ng katawan at tisyu:**

o Maaari naming ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo sa mga organisasyon na nangangalap ng bahagi ng katawan.

**Makipagtulugan sa isang medikal na tagaeksamin o direktor ng punerarya:**

- Maaari naming ibahagi ang impormasyon sa kalusugan sa isang coroner, medikal na tagaeksamin o isang direktor ng punerarya kapag namatay ang isang tao.

**Tugunan ang kompensasyon ng mga manggagawa, pagpapatupad ng batas at ibang mga kahilingan ng pamahalaan:**

- Maaari naming gamitin o ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo:
  - Para sa mga paghahabol ng kompensasyon ng mga manggagawa.
  - Para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas o sa isang opisyal na nagpapatupad ng batas.
  - Sa mga ahensiya na nangangasiwa sa kalusugan para sa mga aktibidad na pinahintulutan ng batas.
  - Para sa mga espesyal na pagtupad ng tungkulin ng pamahalaan tulad ng mga serbisyong militar, pambansang seguridad at proteksiyon sa panguluhan.

**Tumugon sa kaso sa hukuman at legal na aksiyon:**

- Maaari naming ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo bilang tugon sa isang korte o administratibong utos, o bilang tugon sa isang subpoena.

**Tulungang sanayin ang mga manggagawa ng pangangalagang pangkalusugan:**

- Maaari naming gamitin at ibahagi ang impormasyon ng iyong kalusugan upang tulungan kami na sanayin ang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan tulad ng mga mag-aaral ng medisina at narsing, mga residente at kagawad.

**Bisitahin ang site ng Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyo sa Tao ng U.S. para sa higit na impormasyon.**

## Ang Aming mga Responsibilidad

- Hinihilingan kami ng batas na panatilihin ang pagkapribado at seguridad ng iyong pinoprotektahang impormasyon sa kalusugan.
- Ipapaalam namin sa iyo kaagad kung may naganap na paglabag na maaaring magkompromiso sa pagkapribado o seguridad ng iyong impormasyon.
- Dapat naming sundin ang mga katungkulan at kasanayan sa pagkapribado na inilarawan sa abisong ito at bigyan ka ng kopya nito.
- Hindi namin gagamitin o ibabahagi ang iyong impormasyon bukod sa paraang inilarawan dito malibang sabihin mo sa amin nang nakasulat na maaari naming gawin. Kung sasabihin mo sa amin na maaari naming gawin, maaari mong baguhin ang iyong isip sa anumang oras. Sabihin sa amin nang nakasulat kung babaguhin mo ang iyong isip.

Ipinapaliwanag ng Abiso ito ng mga Kasanayan sa Pagkapribado kung paano maaaring gamitin at ibigay ng Children's Health, mga empleyado nito, kawaning medikal/dental, mga mag-aaral at nagsasanay, at lahat ng mga pasilidad, kagawaran at klinika ang iyong Pinoprotektahang Impormasyon sa Kalusugan (Protected Health Information, PHI) sa iba at inilalarawan ang mga karapatan mong iakses at kontrolin ang iyong PHI.

Ang Children's Health ay isang koleksiyon ng mga organisasyon sa pangangalagang pangkalusugan, kasama ang mga kaanib na saklaw na entidad. Sumusunod ang Children's Health sa mga lumalapat na batas na pederal at estado at hindi nagtatangi base sa lahi, kulay, edad, relihiyon, pambansang pinagmulan o kapansanan.

Bilang isang organisadong kaayusan ng pangangalagang pangkalusugan (organized health care arrangement, OHCA) pinapahintulutan ang mga hiwalay na saklaw na entidad na magbahagi ng PHI sa mga saklaw na entidad para sa mga aktibidad tulad ng pagbibigay ng nagkakaisang pangangalaga, pagrepaso sa paggamit, pagtatasa ng kalidad at mga aktibidad ng pagpapabuti o mga aktibidad ng kabayaran kung mga kalahok sa Organisadong Kaayusan ng Pangangalagang Pangkalusugan ay nagsasalu-salo sa pinansiyal na peligro para sa paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan.

**Mga Pagbabago sa Kondisyon ng Abisong ito**

Maaari naming baguhin ang mga kondisyon ng abisong ito at ang mga pagbabago ay ilalapat sa lahat ng impormasyon na mayroon kami tungkol sa iyo. Ang bagong abiso ay makukuha kapag hiniling, sa aming mga pasilidad, at sa aming web site.

**Maghain ng reklamo kung pakiramdam mo nilabag ang iyong mga karapatan:**

- Maaari kang magreklamo kung pakiramdam mo nilabag namin ang iyong mga karapatan sa pamamagitan ng pagkontak sa amin gamit ang impormasyon sa ibaba.

- Maaari kang maghain ng reklamo sa Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyo sa Tao ng U.S. Opisina ng mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa 200 Independence Avenue, S.W., Washington, D.C. 20201, pagtawaga sa 1-877-696-6775, o pagbisita sa site ng Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyo sa Tao ng U.S..
- Hindi kami maghihiganti laban sa iyo dahil sa paghahain ng isang reklamo.

## Mga Kaayusan sa mga Ibang Saklaw na Entidad

### Mga Kaanib na Saklaw na Entidad

- Anesthesiologists for Children
- Children’s Health Clinical Operations
    - d/b/a Children's Medical Center of Dallas
    - d/b/a Children's Medical Center Plano
- Children’s Medical Center Health Plan
- CHSR, LLC
- Complex Care Medical Services Corporation
- Dallas Physician Medical Services for Children
- OCH Holdings (Our Children’s House)
- Pediatric Imaging Associates, LLC.
- Pediatric Partners
- Physicians for Children
- Physicians Quality Alliance of North Texas
- Texas Bluebonnet Insurance Company

### Mga Organisadong Kaayusan sa Pangangalagang Pangkalusugan

Isang listahan ng mga ibang Saklaw na Entidad kung kanino ibinabahagi ng Children’s Health System of Texas ang iyong Pinoprotektahang Impormasyon sa Kalusugan bilang bahagi ng Organisadong Kaayusan sa Pangangalagang Pangkalusugan.

- University of Texas Southwestern Medical Center
- Familia Care, Inc. d/b/a MD Medical Group at TopCare Medical Group, Inc..